



**CHEDRO III MEMORANDUM**

**Blg. 052 s. 2019**

**PARA SA : Tagapangulo ng Pampubliko at Pribadong Lalong Mataas na Edukasyon**

**PAKSA : Tertulyang Pampanitikan 2019- BUKLUGAN PANITIKAN: Lektura sa Pagtuturo at Pagbabasa ng Panitikang Filipino**

**PETSA : Abril 11, 2019**

X-----X  
Ang Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, Rehiyon III, ay sumusuporta sa pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan, sa pamumuno ng Bulacan State University (BulSu) -Sentro ng Wika at Kultura na may paksang Tertulyang Pampanitikan 2019- "Buklugan Panitikan: Lektura sa Pagtuturo at Pagbabasa ng Panitikang Filipino." Ito ay gaganapin sa ika -29 ng Abril 2019, magmula ala -una (1:00) hanggang ika-lima ng (5:00) ng hapon sa BulSU Tanghalang Plaridel, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya.

Sa ganitong kadahilanan ay inaanyayahan ang mga guro, mag-aaral sa elementarya, sekondarya at tersarya at iba pa na lumahok at aktibong makibahagi sa naturang/nasabing layunin.

Layon ng proyektong mabigyan ng karagdagang kaalaman ang mga guro sa elementarya, sekondarya at tersarya hinggil sa mga bago at/ o napapanahong pamamaraan ng epektibong pagtuturo at pagbabasa ng panitikan.

Kalakip ng memorandang ito ang programa para sa karagdagang impormasyon.

Para sa anumang katanungan o paglilinaw, mangyaring makipag-ugnayan kay Dr. Geraldine S. Chua, Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura sa mga numero 0923-4340935/0925-5272803.

Para sa malawakang kaalaman at pagpapalaganap na memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Ang inyong pagtangkilik sa nasabing pagdiriwang ay labis na kalulugdan.

**Bb. LORA L. YUSI**  
Officer-in Charge  
Office of the Director IV

Pinagmulan ng Liham: Liham ni Dr. Geraldine S. Chua, Direktor ng Sentro ng Wika at Kutura, R-3

